



Enero 2021

PRAYMER

Di maubos-ubos na sapin-saping krisis

Makasaysayan ang taong 2020 sa sanlibutan. Dinanas natin ang isa sa pinakamalulubhang pandemya sa kasaysayan at walang-katulad na *lockdown* at pamamalagi sa bahay. Binago ng COVID-19 ang buhay ng sangkatauhan sa iba't ibang antas – personal, pag-uugali at kultura, sa komunidad, pambansa, at maski sa pakikipag-ugnayan sa daigdig.

Halos tumigil ang produksyon sa buong mundo, bumagal ang kalakalan, natigil ang mga byahe, humina ang konsumo, at hindi nakapaghanap-buhay ang mga manggagawa. Naghigpit ang mga otoridad sa galaw ng mamamayan, bukod sa pagpapatupad ng pagsuot ng *face masks* at *face shields*, paghuhugas ng kamay, *physical distancing*, at pag-iwas sa maraming tao. Sa iba't ibang kakayahan, hinarap ng mga gobyerno ang pandaigdigang krisis sa kalusugan.

Gumapang ang Pilipinas sa harap ng COVID-19. Dumating kasi ang pandemya na dati nang mahina ang pampublikong sistema sa kalusugan ng bansa. Tatlong taon na ring bumabagal ang ekonomiya, malawakan ang kakulangan sa trabaho, at malalim ang pinagtatakpang kahirapan. Dati na ring mas abala ang gobyernong Duterte sa pagtataguyod ng kapakanan ng iilan at pansarili nitong interes ng pananatili.

114 Timog Avenue,
Quezon City,
1103 Philippines

Tels. +63 2 8927 7060 to 61
Fax +63 2 8929 2496

www.ibon.org

Taliwas sa siyensa at kapos sa katuwiran ang naging pagharap ng gobyernong Duterte sa pandemya. Mas pinili nito ang militaristang pagtugon at pamumulitika sa halip na matatalinong hakbang para pigilin ang pagkalat ng *coronavirus*. Sa gitna ng pandemya, ginamit pa ito ng gobyernong Duterte para bigyang katwiran ang kanyang mga anti-demokratikong patakaran at galaw. Sumasadsad ang Pilipinas.

Dinanas natin ang isa sa pinakamahahaba at pinakamararahas na lockdown sa daigdig. Ganunpaman sa pinakahuling pagtutuos, pangalawa tayo sa Indonesia sa mayroong pinakamataas na bilang ng kaso ng COVID-19 sa Southeast Asia. Lampas sa Indonesia, ang Pilipinas ang may pinakamataas na tantos ng namamatay sa sakit. Ang bansa rin ang nagrehistro ng pinakamalalang pagurong ng ekonomiya sa Southeast Asia, at pangalawa sa 25 bansa sa South, East at Southeast Asia.

Sa kabila ng lahat, buong pagmamalaki pa ring sinasabi ng administrasyong Duterte na babawi ang ekonomiya nang maagap at maaabot nito ang rekoberi ngayong taon. Kabaligtaran ito ng sinasabi ng mga ahensyang internasyonal. Ayon sa World Bank, mas mabagal ang pagbawi ng Pilipinas kumpara sa mga kapitbahay nitong bansa. Mas madilim ang pagtudla ng Moody's Analytics, isang ahensya na nagsusuri ng kalagayang pampinansya at pagpapautang. Ang Pilipinas daw ang huling bansa na makakarekober sa Asia-Pacific (at hindi lang sa Association of Southeast Asian Nations o ASEAN), at mangyayari pa ito sa dulo ng 2022.

Sobrang umaasa na lang ngayon ang gobyernong Duterte sa bakuna para pamahalaan ang pandemya at buksang muli ang negosyo. Pero maski ang isyu ng bakuna ay batbat ng pagsasamantala, anomalya at kaguluhan na lalo pang nagpapababa sa tiwala ng taumbayan. Hindi rin bukas ang gobyerno sa mga paglilinaw at kritika at lalo lang nitong iwinawasiwas ang kabalintunaan at kamay na bakal.

Tila hindi maubos-ubos ang ating sapin-saping krisis.

1 Bakit matatagalan ang rekoberi ng ekonomiya ng Pilipinas?

- a. Unang dahilan sa katagalan ng rekoberi ang dati nang krisis ng Pilipinas. Nasaksihan ito sa apat na dekada ng ampaw na paglago ng ekonomiya, historikal na krisis sa trabaho, sobrang babang sahod at kita, manipis na panlipunang serbisyo, at malawakang kahirapan.

Bago pa man mag-pandemya, isa sa mga itinatanggi ng administrasyong Duterte ang kapansin-pansing pagbagal ng ekonomiya. Tuloy-tuloy na bumababa ang tantos ng paglago ng *gross domestic product* (GDP), ang panukat ng ating kabuuang produksyon. Mula 7.1% noong 2016, tumungo ito sa 6.9% noong 2017, 6.3% noong 2018, at 6% na lamang noong 2019.

Tuluyang gumuho ang ekonomiya ng Pilipinas noong 2020. Lumiit ito sa halip na lumago. Nag-negatibo ang tantos ng paglago - nang -9.5% sa buong taon at nawalan ng Php1.8 trilyon ang ekonomiya noong 2020 kumpara noong 2019. Nalimas ang mga ipinamalas na paglago sa nagdaang mahigit isang dekada. Ito na ang pinakamasahol na pagguho ng ekonomiya sa kasaysayan pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig.

Ganundin sa empleyo. Bago pa man mag-pandemya, pahina na nang pahina ang kakayahan ng ekonomiya na lumikha ng trabaho. Sa mga taon sa ilalim ng gobyernong Duterte, ang taunang abereyds na bilang ng bagong trabaho ay 477,000 na lamang – mula ito sa 541,000 noong 2011-2015 at 815,000 noong 2006-2010. Matatandaan ding nawala ang 1.4 milyong trabaho sa agrikultura noong 2017-2019 – walang-katulad na bilang sa loob ng mahigit dalawang dekada.

Tuluyan nang numipis ang empleyo sa kasagsagan ng lockdown. Nabawasan ng 2.7 milyon ang bilang ng may trabaho, sa antas na 39.8 milyon na lamang noong Oktubre 2020, na pinakamababang empleyo mula Abril 2017 maliban sa Abril 2020. Ang antas ng empleyo noong Abril 2020 ay nasa 33.8 milyon lamang, na siyang pinakamababa sa mahigit isang dekada.

Ang transportasyon, *accommodation and food services* (hal. mga *hotel* at *fast food*), manupaktura at konstruksyon ang may pinakamaraming bilang ng naglahong trabaho – 1.5 milyong noong Oktubre 2020 o 72% ng nabanggit na pagliit sa empleyo.

Umabot naman ang opisyal na bilang ng walang trabaho sa 3.8 milyong sa huling datos noong Oktubre 2020. Hindi pa kasama rian ang humigit-kumulang na 2 milyong pwersa ng paggawa na tinataya ng IBON na napilitang hindi na muna maghanap ng trabaho dahil sa walang kaseguraduhang kalagayan. Sa suma, ang bilang ng walang trabaho sa bansa ngayon ang pinakamataas sa kasaysayan.

Sa huling pagtataya ng Department of Labor and Employment (DOLE), 4.5 milyong manggagawa sa mga pormal na empresa ang *displaced*, na nangangahulugang nasa iba-ibang antas ng pansamantalang pagtigil sa pagtratrabaho o permanenteng pagkasisante. Mas malawak pa sa bilang na iyan ang mga apektadong manggagawa sa di-pormal na sektor, na sa huling taya ay bumubuo ng mahigit sa 60% ng kabuuang pwersa ng paggawa.

Tumigil ang pasada para sa halos 400,000 mga drayber ng dyip at iba pang maliitang pampublikong sasakyan. Namalimos ng konting tulong ang di-iilang mga drayber sa kawalan ng opisyal na suporta at alternatibong mapagkukunan ng kabuhayan.

Nagsi-uwian naman ang mga migranteng manggagawa (OFWs) dulot ng pandemya. May mahigit na 680,000 OFWs ang humingi ng tulong mula sa gobyerno noong 2020. Bumagsak nang 60% ang bilang ng umaalis na OFWs noong 2020 kumpara sa taong 2019. Higit na nakaapekto ang penomenon na ito sa pagbaba ng konsumo ng mga sambahayang nakaasa sa *remittances* ng kanilang mga kamag-anak.

Malawakan din ang pagkadiskaril ng mga *micro, small and medium enterprises* o MSMEs. Tinatayang sangkatlo ang permanente nang nagsara, mahigit kalahati ang bahagya lamang ang operasyon, at 81% ang nabawasan ang kita. Ang MSMEs ang bumubuo ng 99.5% ng kabuuang bilang ng establisyimento sa bansa. Ayon sa Department of Trade and Industry (DTI), sagot ng MSMEs

noong 2019 ang 62.4% ng kabuuang empleyo at mahigit sangkatlong kontribusyon sa GDP.

Bumagsak ang dati nang mababang kita ng mayorya ng mamamayan. Sa mga hindi nabilang sa malawakang tanggalan, nanatili naman sila sa mababang pasahod at bulnerableng kalagayan. Nalimas din, ayon sa datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), ang ipon ng 3.2 milyong sambahayan.

Sabay-sabay namang tumaas ang presyo ng mga produktong pagkain. Umabot sa 4.8% ang implasyon sa pagkain noong Disyembre 2020. Tumaas din ang gastusin sa transportasyon at iba pang singilin sa bahay. Mas masakit ang pangkalahatang implasyon sa pinakamahirap na 30% ng mga pamilya.

Sa ganitong kalagayan nagiging tampok ang kahalagahan ng serbisyong panlipunan. Pero bago pa man magka-COVID, kakarampot na ang alokasyon ng pamahalaan para rito. Mula 2010-2020, ang taunang abereyds na alokasyon para sa kalusugan ay 3.9% lamang ng kabuuang pambansang badyet. Sa taong 2019-2020, mataas pa nga ang alokasyon para sa depensa kaysa kalusugan.

Kailangan pa ring magluwal ng 47.9% ng kabuuang gastusin sa kalusugan ng lipunan ang mga indibidwal na pasyente. Kalahati lamang ng mga barangay ang may *health center* at 35% na lamang ng lahat ng ospital ang pampubliko. *Overworked at underpaid* ang mga manggagawang pangkalusugan. Sa pangkalahatan, nakatuon ang gobyernong Duterte sa pagpapahusay ng *insurance* sa PhilHealth sa halip na direktang pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan. Sa ganitong kalagayan, nabilaukan ang sistema sa pagharap sa pandemya.

Ang edukasyon naman ay nakakakuha ng 16.4% taunang abereyds na alokasyon. Maliit kung ihahambing sa lumalaking populasyon, dami ng mahihirap, at pinahabang panahon ng pag-aaral sa ilalim ng K to 12. Noong 2017-2018, mas malaki pa nga ang alokasyon para sa mga serbisyong pang-ekonomiya sa komunikasyon, kalsada at iba pang transportasyon. Bago pa man nag-pandemya, nasa kalunos-lunos nang kalagayan ang sistema ng edukasyon na makikita sa kakulangan ng mga pasilidad at libro, gayundin sa *overworked at underpaid* na mga guro.

Dalawang beses ipinagpaliban ng Department of Education (DepEd) ang muling pagbubukas ng klase sa harap ng pandemya. Hindi handa ang gobyerno sa pagsasaayos para sa tinatawag na *new normal* na pagdaraos ng klase. Pinabigat na lamang ang pasan sa mga magulang at sa mga bata na maghanap ng paraan para maka-angkop.

Ayon sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO), may 28.5 milyong batang Pilipino ang apektado ng pagsasara ng mga eskwelahan. Nang magbukas noong Hunyo, 13 milyon ang nag-atubiling bumalik, at maski may ekstensyon ng *enrolment* noong Hulyo, 6 milyon pa rin ang nakitang nakabitin kung ano nga ba ang kahihinatnan ng pag-aaral. Hindi rin masabi ng DepEd kung ilan nga ba ang naka-*distance learning* at modular na kurikulum at ilan ang kumakaya sa *online*.

Sa tala naman ng DepEd, sinasabi nitong mayroong 933 mga pribadong paaralan ang sarado ngayong School Year (SY) 2020-2021. Itinulak nito ang 3,842 mga guro mula sa kanilang pagtuturo sa mga paaralang ito, at gayunding apektado ang 57,674 na mga mag-aaral sa kabuuan.

Ayon naman sa Movement for Safe, Equitable, Quality and Relevant Education, may 4 na milyong bata na nasa edad para mag-aral ang dumagdag sa bilang ng *out-of-school youth*. Ang mga pribadong eskwelahan ay nakasaksi rin ng pagbagsak ng kanilang enrolment – 43% na lamang ng 4 na milyong mag-aaral ang bumalik ngayong taon. Nagreresulta ang new normal na ito sa malawakang tanggalan ng mga guro, pareho sa pampubliko at pribadong eskwelahan.

Ang lahat ng ito ang magpapalala sa kahirapan sa bansa, na matagal na ring itinatangi ng pamahalaan. Tataas ang bilang ng mahirap mula 17.7 milyon tungong 29.7 milyon, ayon sa Philippine Institute for Development Studies (PIDS), kung tuloy-tuloy na liliit ang kita nang 20% at walang subsidyo. Batay pa ang tantyang iyan sa napakababang pamantayan ng kahirapan na Php71 kada tao kada araw. Maipapalagay na kung mas realistiko ang sukatan ng kahirapan, di-hamak na hihigit pa sa 70% ang bilang ng mahirap na Pilipino ngayon, lalo pa at hindi lang 20% ang pagbagsak ng kanilang kita at wala namang dumating na subsidyo sa karamihan.

- b. Ang pangalawang dahilan, at mas matimbang kung bakit sobrang bagal ng rekoberi kaysa kinakailangan, ay ang kapalpakan ng gobyerno. Sa laki ng kinakaharap na problema, napakakarampot ng naging tugon ng gobyernong Duterte.

Ang Bayanihan to Heal as One Act (Republic Act o RA 11469) ang ipinangalandakang tugon ng gobyernong Duterte sa COVID-19. Nakalakip dito ang pagpapalakas ng sistemang pangkalusugan, pagbibigay ng ayuda at *social amelioration program* (SAP) sa mga apektadong sektor at mamamayan, at agaran at sapat na aksyong medikal. May maliit na alokasyon itong Php389 bilyon, na hinati sa kalusugan (Php49 bilyon), SAP at iba pang ayuda (Php275.2 bilyon), suporta sa mga empresa (Php203 milyon), suporta sa agrikultura (Php11.4 bilyon), at iba pa.

Bukod sa napakaliit na nga ng alokasyong ito sa laki ng bilang ng apektadong mamamayan, sobrang naantala, napakagulo at batbat pa ng kontrobersya ang distribusyon. Buwan na ng Mayo noong dumating ang unang bigayan ng SAP sa 17.6 milyong sambahayan, na kung tutuusin ay nagkahalaga lamang ng Php5,617 kada pamilya o Php12 kada araw bawat tao sa kahabaan ng 106 araw ng lockdown sa panahong iyon.

Binawasan pa ang bilang ng makakatanggap ng pangalawang bigayan dahil diumano ay nagluwag na sa buwan ng Hunyo. Inabot na rin ng pagtatapos ng Bayanihan ang magulong distribusyon ng pangalawang bigayan.

Pinalawig ang programa sa Bayanihan 2 (RA 11494) na pinirmahan noong Setyembre 2020. Mas mababa pa ang alokasyon para rito na nagkakahalagang Php165.5 bilyon: kalusugan (Php40.5 bilyon), SAP at iba pang ayuda (Php29.6 bilyon), suporta sa mga empresa (Php55 bilyon), agrikultura (Php24 bilyon), at iba pa.

Sa huling ulat tungkol sa Bayanihan 2 noong ikalawang araw ng Enero 2021, may 251,776 pa lamang sa target na 568,026 benepisyaryo ang nakatanggap ng ayuda ng DSWD nagkakahalaga ng Php6,752 bawat isa. May 1.97 milyon sa target na 3.4 milyong pormal at di-pormal na mga manggagawa at OFWs ang nabigyan ng tulong na nagkakahalaga ng Php10.3 bilyon, o Php5,228

bawat isa. Mabagal din ang pagproproseso ng pautang para sa MSMEs, na umabot pa lang ng 5,324 na aplikasyon noong Disyembre 2020.

Dahil diumano hindi naisakatuparan ang Bayanihan 2 sa pagtatapos ng Disyembre 2020, na mandato nitong matapos, pinalawig ng gobyernong Duterte ang implementasyon nito hanggang Hunyo 2021 (RA 11519). Gayundin ang paggastos ng badyet para sa 2020 na dapat ay naisara na noong Disyembre – pinalawig ang pag-ubos nito hanggang Disyembre 2021 (RA 11520).

Dalawa tuloy ang badyet na pwedeng gastusin at pagpasyahan ng administrasyon ngayong taon – ang natitira sa Php4.1 trilyong badyet ng 2020 at ang Php4.5 trilyong badyet ng 2021. Tinitingnan ito ng marami na walang kinalaman sa bagal ng tugon sa pandemya kundi sa parating na eleksyon sa 2022.

Kung bubusisiin naman ang badyet ng 2021, lumalabas na halos wala nang partikular na tugon para sa pandemya. Wala nang ayuda. Ubos na rin ang pondo para sa mga programa ng pagtulong ng DOLE at subsidyo para sa sahod ng mga manggagawa, na kakarampot at huli na nga kung tutuusin.

Nanatili ang badyet para sa proteksyon ng OFWs sa ilalim ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA), na dapat lang dahil napakalaki ng kontribusyon ng OFWs. Pero ang tulong para sa kanila para sa COVID na mula sa DOLE ay tinapos na rin.

Nariyan pa naman ang Php176.6 bilyong badyet ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) para sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps at iba pang programa sa kabuhayan. Pero bumaba ito nang 55% mula sa badyet nito noong 2020. Nariyan pa rin ang dati nang programang Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged or Displaced Workers Program (TUPAD) ng DOLE para sa mga displaced na manggagawa, na nagkakahalaga ng napakaliit na Php19 bilyon kumpara sa tinataya mismo ng DOLE na displaced.

May maliliit na alokasyon para sa DTI sa MSME Development Program nito (Php2.4 bilyon), Small Business Corporation (Php1 bilyon), at maliliit na negosyo sa barangay (Php243 milyon). Wala na para sa programang Plant,

Plant, Plant ng Department of Agriculture (DA) na ipinakete nitong tugon sa COVID.

Higit sa lahat, nanatiling mababa ang badyet na inilaan sa kalusugan ngayong 2021. Nasa Php221.1 bilyon lang o katumbas ng 4.9% ng kabuuang pambansang badyet. Mayroong inilaan na Php2.5 bilyon para sa pambili ng bakuna, samantalang tinatayang mangangailangan tayo ng Php72.5 bilyon para mabakunahan ang karamihan sa populasyon.

Mayroon lamang Php1 bilyong pambili ng *personal protective equipment* (PPE) para sa *frontliners* sa kalusugan, maski pa may ambisyon ang pamahalaan ng maramihang pagbabakuna. Samantala, wala nang badyet para sa *contact tracers at isolation facilities*. Sadyang maski sa kalusugan ay wala nang balak harapin nang masinsinan ng gobyernong Duterte ang nananatiling problema sa pandemya. Mistulang tapos na ang pandemya para sa pamahalaan.

Lumalabas na nagpaka-konserbatibo at duwag ang administrasyong Duterte sa pagharap sa krisis sa kalusugan at ekonomiya. Hindi ito seryosong naglaan ng rekurso, at ito ang pangunahing dahilan sa pagguho ng ekonomiya higit sa inaasahan at sa mabagal na rekoberi higit sa nararapat.

Lumaki nang 11.6% lang ang paglabas ng pera (*disbursements*) nitong panahon ng Enero-Nobyembre 2020, kahit pa dumaan tayo sa walang-katulad na krisis. Ang badyet para sa 2021 ay 9.9% lang na mas malaki kaysa badyet ng 2020. Mas mababang dagdag ito kaysa taunang abereyds na pagtaas na 11.1% sa nagdaang 34 taon. Mas konti pa ang itinaas nito kaysa 23.6% pagtaas noong 2017 at maski sa 13.6% pagtaas noong 2020. Ang ganitong kakonting dagdag sa badyet sa 2021 ay hindi sasapat para makabawi ang ekonomiya sa 2021.

Ang gobyernong Duterte ang may pinakamaliit na paglalaan ng rekurso bilang tugon sa COVID sa Southeast Asia. Ang inilaan nito ay katumbas lang ng 6.3% ng GDP, samantalang 25.9% sa Malaysia, 25.4% ng GDP ang sa Singapore, 16% sa Thailand, 10.9% sa Indonesia, at 10.3% sa Vietnam. Di hamak na mas seryoso ang ating mga karatig-bansa na makabawi at

makabangon mula sa pandemyang ito. Hindi na kataka-taka kung ganoon na mangungulelat ang Pilipinas sa rekoberi.

Sa simula pa lang ay lumikha na ang gobyernong Duterte ng sarili nitong problema at mahirap na posisyon. Agad-agad ipinatupad ang malawakang militaristang lockdown nang walang plano sa pamamahala sa pandemya, na ang saligan sana ay ang pagkakaroon ng *mass testing, tracing, isolation/quarantine at treatment*. Itinanggi pa nga nyang kailangan ang mga ito. Noong ramdam na ang malalang resesyon, tumatanggi pa rin ang gobyernong Duterte na pasiglahin ang *demand* o konsumo na syang magpapagana rin sana sa negosyo o suplay. Ipinamalas ito ng gobyerno sa kakarampot at panandaliang subsidyo at ayuda. Tumungo ito sa pagsasara ng maraming maliliit na negosyo at ligalig sa kabuhayan, na sya ring magpapatagal ng pagbwelta ng Pilipinas.

- c. Pangatlong dahilan ang batayang krisis ng ekonomiya ng bansa. Atrasado, agraryo at kontrolado ng dayuhan at lokal na oligarkiya ang ekonomiya at gobyerno, at pinalala ang mga katangiang ito ng apat na dekada ng pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal.

Lumiit ang bahagi sa GDP ng mga produktibong sektor ng agrikultura at manupaktura sa deka-dekadang pananalasa ng globalisasyon. Nitong 2020, 10.2% na lang ang bahagi ng agrikultura sa GDP mula sa 23.5% noong 1980. Galing ito sa 40.4% noong 1946, matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig. Ang manupaktura naman ay 18.6% na lamang, mula sa 27.6% noong 1980, pagkatapos, tuloy-tuloy na itong lumiit.

Lumobo ang serbisyo bilang bahagi ng GDP nang wala sa katwiran kung titingnan ang pagnipis ng produksyon. Ang sektor ng serbisyo ay 54.7% ng GDP sa huling datos, habang 35.8% ng GDP na lang ang produksyon. Bilang mulat na patakaran, mas itinuon ng pamahalaan ang pansin sa kalakalan sa bultuhan o pagtitingi, pagbabangko at insurance, *real estate*, turismo, at *business process outsourcing* (BPOs) o *call centers*, maski pasugalan, sa halip na pagsumikapan ang pag-prodyus ng ating mga batayang pangangailangan. Dumausdos ang produktibidad ng bansa. Sa kasagsagan ng pandemya, ni hindi makaprodyus ang Pilipinas ng sarili nitong face masks at face shields.

Ipinatupad ng pamahalaan ang mapanirang mga patakaran ng liberalisasyon ng importasyon at dayuhang pamumuhunan, pribatisasyon, deregulasyon, pangungutang, pagtitipid sa serbisyong panlipunan, komersyalisasyon ng mga ito, pagbubuwis sa konsumo ng mamamayan habang bawas-buwis sa mayayaman at korporasyon, pagbibigay prayoridad sa kapakanan at “karapatan” ng mga korporasyon, at marami pang iba na nagsadlak sa atin sa kadusta-dustang kalagayan.

Mas naging malinaw sa mamamayan ang malupit na epekto ng mga patakarang ito noong tayo ay humarap sa pandemya. Una na riyan ang kahinaan ng pampublikong pangangalaga sa kalusugan na maka-angkop dahil komersyalisado at pribatisado na ang sistema. Tampok ang kawalan ng suporta ng gobyerno sa ating mga siyentista, doktor at mga manggagawang pang-kalusugan. Kitang-kita na nakaasa na lang ang bansa sa mga imported na face masks, face shields, PPE at iba pang materyales. Nawalan ng kontrol ang gobyernong Duterte sa sistema, dahil ang ipinangalandakan nitong ipinang batas na Universal Health Care ay tungkol lang naman sa pinansiyalisasyon ng kalusugan, pagnenegosyo ng mga ospital, at kurakot sa PhilHealth.

Nakita rin natin na kung pag-uusapan ang seguridad sa pagkain sa kasagsagan ng pandemya, nganga ang pamahalaan. Dahil sa neoliberalismo, nabitawan ng gobyernong Duterte ang wisyo kung paano nito patataasin ang lokal na produksyon ng mga magsasaka at kung paano titiyakin ang istableng suplay ng pagkain, nutrisyon at ligtas na pagkain para sa mamamayan. Bilang pagsunod sa neoliberalismo, mas pinili ng gobyernong Duterte ang liberalisasyon ng importasyon ng pagkain – pinakamatingkad rito ang pagpapatupad nya noong 2019 ng Rice Liberalization Law o RLL kung tawagin ng mga magsasaka. Kaya naman, pinapandemya na ang daigdig, importasyon ng bigas mula sa Vietnam pa rin ang sinasabing tugon ng gobyernong Duterte.

Bumagsak ang presyo ng palay. Mula Php20.14 noong katapusan ng 2018 tungong Php15.63 noong katapusan ng 2019, ang unang taon ng implementasyon ng liberalisasyon. Ayon ito sa Philippine Statistics Authority (PSA), na kadalasan ay kainaman lang ang naipapakita. Sa mga totoong

palayan, umabot ng Php9 kada kilo ang presyo, lalo na sa pangunahing prodyuser na mga probinsya.

Linggo-linggo sa unang dalawang buwan ng 2020 bumabawi diumano ang presyo ng palay ayon sa PSA, pero kapansin-pansin ang pagtaas nito sa mga buwan ng Abril at Mayo, kung kailan nakita ng mga magsasaka na namagitan ang National Food Authority (NFA). Hindi na ito pwedeng gawin ng NFA ayon sa RLL, pero napilitan ang pamahalaan na pahupain ang namumuong poot ng mga magsasaka. Noong Agosto hanggang Oktubre, linggo-linggo na namang bumababa ang presyo ng palay, at nagtapos ang 2020 na mataas lang nang 71 sentimos kaysa noong simula ng taon.

Sabay-sabay na nagtataasan ang presyo ng mga batayang pagkain at produktong agrikultural, kahit sobrang baba na ang presyuhan mula sa mga magsasaka. Malinaw na namamayagpag ang mga monopolyo sa kalakalan para magdikta ng antas ng suplay at presyo at samantalahin ang pandemya at resesyon. Muli, nakikita natin na sa patakarang neoliberal, kung saan ang mayor na prinsipyo ay hayaan na lang ang pamilihan na hanapin ang sarili nitong istabilidad, nagmimistulang inutil ang pamahalaan. Hindi rin nito napigil ang mga hindi karapat-dapat na pagtaas ng singilin sa bahay, kuryente, pamasaha, at presyo ng iba pang bilingin.

Nakita rin natin ang epekto ng patakarang neoliberal sa kalikasan at sa ating kapasidad na harapang hagupit nito. Nasalanta ang bansa ng mga sunod-sunod na bagyo habang naka-lockdown. Ang antas ng kalamidad na iniwan ng bagyong Quinta, Rolly at Ulysses halimbawa ay hindi sana aabot sa ganoon kung hindi pinagpilitan ng pamahalaang Duterte ang mga proyektong makasisira lang sa kapaligiran, katulad ng mga dambuhalang dam, pagmimina at kumbersyon ng mga gamit ng lupa.

Hindi rin sana aabot sa ganoong kalalang kalamidad kung may kakayahan at determinasyon ang pamahalaan na pagaanin ang mga natural na peligro sa atin. Pero matatandaan na sa simula ng 2020, pumutok pa ang bulkang Taal na nakaapekto sa kabuhayan ng lokal at buong ekonomiya. Pero minaliit ng Malacañang ang sitwasyon at ipinahiya pa ang sarili noong sabihin na iihian ang bulkang Taal.

2 Ano kung ganoon ang balak ng gobyernong Duterte sa pandemya at pagguho ng ekonomiya?

- a. Una rito ang pagtutulak ng wala nang katuturang programa sa imprastraktura, ang grandyosong Build Build Build (BBB). Ang baluktot na dahilan ng gobyernong Duterte ay ito raw ang magpapasigla sa lokal at dayuhang pamumuhunan.

Walang istrategikong plano sa ekonomiya at pag-unlad ang gobyernong Duterte. Hanggang ngayon, naghihintay pa halimbawa ang National Economic and Development Authority (NEDA) na maupuan ng presidente ang pag-angkop ng Philippine Development Plan (PDP) 2017-2022 sa di-inasahang pandemya.

Ang meron ay ang Php1.1 trilyong badyet para sa imprastraktura sa 2021, o katumbas ng halos sangkapat ng kabuuang badyet. Pinulot lang ng gobyernong Duterte ang dati na nitong naisantabing listahan ng 104 na *infrastructure flagship projects* (IFPs) na nagkakahalaga ng Php4.1 trilyon, kahit nagbago na ang mga pang-ekonomiya at panlipunang kalagayan. Mga kalsada, imprastrakturang pang-transportasyon, paliparan, pantalan, at iba pang proyekto para sa kalakalan at pamumuhunan ng dayuhan at mga lokal na kapitalista ang laman ng listahang ito.

Wala para sa kalusugan at agrikultura. May nag-iisang pahabol ang pamahalaan noong 2020, ang *virology institute* na may pinakamaliit na halaga na Php500 milyon at planong itayo sa New Clark City. Sa katunayan, bumagsak ang alokasyong pang-imprastraktura para sa National Irrigation Administration (NIA) nang 15.2% ngayong 2021. Kahit may pandemya bahagyang tumaas lamang ang alokasyong pang-impastraktura ng Department of Health (DOH) ng Php2 bilyon para sa 2021.

Hindi lang ambisyoso kundi ilusyonado ang gobyernong Duterte sa pag-aakala na solusyon ang BBB sa resesyon. Lilikha raw ito ng 1.7 milyong trabaho, pero maski pa tumaas ang panggastos ng pamahalaan para sa imprastraktura, mula 3.9% ng GDP noong 2016 tungong 5.4% ng GDP noong 2019, ang taunang abereyds lang na nalikhang trabaho sa konstruksyon ay

258,000. Kahit pa triplehin ito, na syang tinatayang *multiplier* ng konstruksyon, hindi ito aabot sa ilusyon ng pamahalaan.

Paano naging solusyon ang BBB, gayong nakaasa pa rin naman ang ekonomiya sa mga *imported* na materyales at kasangkapan para maitayo ang mga proyekto? Paano ito susulong samantalang bumabagal ang pandaigdigang kalakalan at bumabagsak naman ang pandaigdigang kapital tatlong sunod-sunod na taon na bago pa man mag-pandemya?

- b. Palibhasa, ang obsesyon lang naman ng gobyernong Duterte ay ang manatiling mabango sa mga nagpapautang at pangalagaan yaong tinatawag na “*creditworthiness*”. At para bang bilang patunay, nangutang nang nangutang ang gobyernong Duterte sa ngalan ng COVID.

Nasa Php10.1 trilyon na ang natitirang utang ng gobyerno nitong Nobyembre 2020, halos doble sa Php5.9 trilyon mula noong umupo si Duterte. Dinoble ng gobyerno ang pangkalahatang pangungutang. Mula Php507 bilyon noong 2016, taunan na itong tumaas hanggang umabot sa Php1 trilyon noong 2019 at sa nakakalulang Php3 trilyon noong Enero-Nobyembre 2020.

Balak pang mangutang ng pamahalaan ng Php3 trilyon ngayong taon. Mauutang na ng administrasyong Duterte ang katumbas ng pinagsama-samang inutang ng nagdaang limang administrasyon. Sa pagtatapos ng termino nito, aabot ang pangkalahatang pangungutang ng gobyernong Duterte sa Php11.2 trilyon (2017-2022), halos katumbas ng pangkalahatang pangungutang pagkatapos ng panahon ng diktadurang Marcos (1986-2016).

COVID ang idinadahilan ng pamahalaan, pero kung tutuusin maliit ang Php554.7 bilyong Bayanihan 1 at 2 kumpara sa pangkalahatang nautang na Php3 trilyon sa panahong iyon. Ang totoo, marami pa nga sa alokasyon para sa Bayanihan ay kinuha lang sa dati nang 2020 badyet. Nakakuha ang gobyernong Duterte ng dayuhang utang na nagkakahalaga ng US\$13.4 bilyon mula sa mga suki nang nagpapautang sa Pilipinas, katulad ng World Bank at Asian Development Bank (ADB), pero US\$300 milyon o 2.5% lang dito ang ispesipikong para sa COVID.

Nangutang ang gobyernong Duterte para tustusan at palakasin ang pagkahumaling nito sa BBB – ang siguradong magpapayaman sa mga kontraktor at *real estate developer*, magpapakapal sa bulsa ng mga opisyal, at makaka-akit sa mga dayuhang namumuhunan.

Nangutang ang pamahalaan para buhusan ng pondo ang militar para sa tunguhing awtoritarianismo ng rehimeng Duterte at para matiyak ang katapatan ng mga heneral at opisyal. Magkasinglaki lang ang badyet ng sektor ng kalusugan at militar.

Nangutang ang gobyernong Duterte para itaguyod ang creditworthiness nito. Ang mataas na *credit rating*, o grado kung gaano kahusay mangutang at magbayad ng utang ang isang bansa, ay hindi naman kasi basta-bastang ibinibigay ng mga nagpapautang at institusyong pampinansya. Hindi ito simpleng nakukuha sa pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal. Syempre, kailangan ding isapraktika ang pangungutang.

At maaari ring sabihing nangutang ang gobyernong Duterte para may ipambayad-utang, at para sa isang masamang bisyo at siklo ng pangungutang. Ang mga matagalang utang o *long-term loans* natin noong kalagitnaan ng dekada 2000s ay bayarin na ngayon, ganundin ang mga *short-term* na utang sa 2021. Kung kaya't ngayong taon, magbabayad ang pamahalaan ng tumataginting na Php1.8 trilyon sa interes at prinsipal ng utang, katumbas ito ng halos 60% ng pangkalahatang pangungutang sa 2020, yaong binabanggit na Php3 trilyon. Nangangahulugan din ito ng 66 sentimos sa kada pisong kikitain o rentas ng gobyerno na kalakhan ay mula sa ating mga buwis. Ito na ang pinakamabigat na pagbabayad utang sa isang dekada.

Papasanin ito ng ekonomiya na walang karampatang pampasigla o *stimulus* at kung ganon ay walang mataas na rentas na malilikom. At sunod sa masamang siklo, tutungo ito sa depisito sa badyet at marami pang pangungutang.

Ang kabalintunaan, itinutulak ng administrasyong Duterte ang pagbabawas ng buwis sa mga korporasyon sa ipinapanukalang pangalawang bahagi ng TRAIN Law (buwis sa konsumo ng mayorya), ang CREATE. Mababawasan ang kita ng gobyerno ng Php249.4 bilyon sa loob ng 2020-2022 sa lubhang kasiyahan ng mga dambuhalang korporasyon.

Ang mahirap at panggithang uri ang papasan ng dambuhalang utang ngayon at sa hinaharap. Papasanin natin ang resesyon at ang pagguho ng ating kabuhayan at kita, sa pagtaas ng mga presyo ng bilingin, sa dagdag na gastusin sa pagpapaaral ng ating mga anak sa gitna ng bulok na sistema ng edukasyon, sa pagtaas ng bayaring insurance sa kalusugan habang wala namang matinong serbisyong pampubliko, sa pagka-itsa-pwera sa bakuna, at sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 dahil sa walang katinuang tugon ng pamahalaan.

- c. Lubhang nakaasa na lang ang gobyernong Duterte sa pagbabakuna bilang tagapagligtas nito mula sa lumalalang krisis at resultang tumitinding panlipunang ligalig. Pero maski ito ay hindi maisagawa nang matino ng pamahalaan.

Isang taon na ang pandemya noong ibinulalas ni Duterte na napagtanto nya diumano na mahalaga pala ang mass testing. Marami nang nagkasakit at namatay sa sakit at bumagsak na ang ekonomiya na sana ay hindi ganoon kalala. Ganunpaman sa halip na bumawi ang gobyerno sa napakalaking pagkakamali ng napaka-istriktong lockdown at magsagawa na nga ng mass testing, bumaling na lang ito sa bakuna. Pero maski ang *mass vaccination* o maramihang pagbabakuna ay batbat pa rin ng kaguluhan at anomalya.

Target ng gobyerno na mabakunahan ang 50-70 milyong populasyon (40 milyon ang edad 17 taon pababa). Naglalaan ito ng Php72.5 bilyon, na sobra-sobra kung bibilhin ang pinakamura mula sa Astrazeneca (Php610). Pero aabot lang ng 30 milyong katao kung ang bibilhin ay ang galing sa Pfizer (Php2,379) o 20 milyong katao lang kung ang bibilhin ay ang galing sa Sinovac ng China (Php3,629.50). Kulang na nga ang inilalaang badyet – Php2.5 bilyon lang ang may pondo talaga sa badyet ng 2021 – ang Php70 bilyon ay utangin pa. Ganoon pa rin, ang pinili ng gobyernong Duterte ay Sinovac.

Umabot sa punto na ang proseso ng pagbili ng gobyerno ay pinayagan ni Duterte na walang pagsisiwalat ng presyuhan. Wala ring batayang ipinapakita ang dating heneral na si Galvez bilang *vaccine czar* para masabing pinakamahasay nang napili ang Sinovac, gayong pinakamahal na nga ito, pinakamababa pa ang napatunayang bisa.

Sa sobrang pagsandig sa China, isinuko ng pamahalaan ang pagkakataon na makapamilya nang mahusay at makakuha ng paunang suplay. Binigyang katwiran ito ni Duterte sa pagsasabing wala kasing paunang bayad o *downpayment* kung sa China kukuha ang gobyerno.

Bukod sa ginawang oportunidad para sa korapsyon ang bakuna, nauna na ring magpabakuna kahit wala pang awtorisasyon sa paggamit ang militar, ilang myembro ng gabinete, at myembro ng Presidential Security Group (PSG). Itinaguyod pa ni Duterte ang kawastuhan ng mga abusong ito. Lalong humina ang tsansa para sa makatwiran at maayos na mass vaccination na ang prayoridad sana ay yaong mga tunay na nangangailangan.

Sa huli, ang walang kasiguraduhan sa suplay at nasisirang tiwala ng mamamayan sa pambansang pamahalaan ang nagtulak sa pagkakanya-kanya ng mga lokal na pamahalaan at pribadong sektor. Sa praktika, pribatisado rin ang pagbabakuna, kung saan: ang mga kompanya ang magpapabakuna sa kanilang mga manggagawa at empleyado; sasagutin ng mga tao ang sarili nilang pagpapabakuna sa mga pribadong klinika o ospital; o ang mga lokal na pamahalaan sa pakikipag-ugnayan sa mga kompanya ng gamot ang magbabakuna sa kanilang mga nasasakupan. Lalong sinisira ng ganitong sistema ang pangangailangan na magkaroon ng pambansang plano para sa maramihang pagbabakuna.

Nag-unahan na nga ang mga meyor sa Kamaynilaan at iba pang syudad na magbilihan ng bakuna at makipag-partner sa mga kompanya ng gamot, gamit ang kanilang mga pondo. Kapansin-pansin na ang mga syudad at munisipalidad na may mga mababang opisyal na bilang ng mahirap ang nauna pang magka-programa ng pagbabakuna.

Ippapasok na sa imprenta ang praymer na ito nang ilabas ng DOH ang *interim plan* ng pambansang pamahalaan sa pagbabakuna.

- d. Sa lahat ng nabanggit, malinaw na nananatili ang neoliberal na balak ng gobyernong Duterte – ang pagpapatuloy ng liberalisasyon ng ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan bilang lunas sa lahat ng problema ng lugmok na ekonomiya. At sa kalagitnaan ng pandemya, binuhay muli at ipinapasa ng mga ka-partido at alyado ni Duterte ang *Charter change* (Cha-cha) o pag-rebisa

ng mga probisyon sa Konstitusyon ng bansa na sagka diumano sa dayuhang pamumuhunan.

Ipinapanukala na luwagan sa dayuhang pamumuhunan at pagmamay-ari ang mga sektor ng pampublikong *utilities*, *mass media* at *advertising*, edukasyon, lupa at likas-yaman ng bansa, at iba pang istrategikong sektor. Paurong-sulong ang mga panukalang ito noong 2019, depende rin sa dumadausdos na popularidad ng administrasyon, subalit muling itinulak ngayon sa ngalan ng pandemya.

Napatunayan na ng kasaysayan na falso ang mga argumento ng gobyerno para sa Cha-cha at pagluwag sa dayuhang pamumuhunan. Totoong napakaliit ng nakukuhang dayuhang pamumuhunan ng Pilipinas kompara sa mga kamyembro nito sa ASEAN at totoo ring nanatiling atrasado at mahirap ang bansa. Pero maraming sinasabi ang mga alyado at *economic managers* ni Duterte na hindi naman totoo.

Una, kaya raw mababa ang dayuhang pamumuhunan o *foreign direct investment* (FDI) na natatanggap ng Pilipinas ay dahil masyado itong mahigpit. Kapag tiningnan naman natin ang binabanggit na *restrictive index* ng mga bansa sa pananaliksik ng Organisation for Economic Cooperation and Development (OECD) at UNCTAD, wala itong matibay na ugnayan sa bahagi ng FDI sa GDP. Mayroon ngang masyadong liberal na bansa pero maliit lang ang bahagi ng FDI sa GDP, katulad ng Uruguay. Mayroon namang mga mahigpit pero malaki ang bahagi, katulad ng Indonesia.

Ganundin sa halaga ng pumapasok na FDI – walang kinalaman ang *restrictive index*. Halos magkasing-higpit lang ang Myanmar at Vietnam, pero di-hamak na mas malaki ang pumasok na FDI sa Vietnam noong 2019. Magkasing-istriktong naman ang Pilipinas at Indonesia, pero halos limang beses na mas malaki ang pumasok na FDI sa Indonesia sa parehong taon. Wala rin itong kinalaman sa kaunlaran – may mga mahigpit pero maunlad, katulad ng China.

Pangalawa, hindi rin totoo na ang mga umunlad na bansang katulad ng Taiwan at South Korea, na tinaguriang *newly industrializing countries* (NICs), at ng China noong tumalikod ito sa sosyalistang ekonomiya, ay umunlad dahil sa FDI.

Ipinapakita ng mga datos na sa panahon na umungos ang mga ekonomiyang ito ay panahon din ito na maliit lang ang bahagi ng FDI sa pagbubuo nila ng kapital at pagpapaunlad ng produksyon. Mahusay nilang nagamit ang FDI noong sila ay istable na at umabot na sa respetableng antas ng industrialisasyon.

Pangatlo, maski nga ang panahon sa Pilipinas na tumaas ang FDI sa bansa ay panahon din naman ng tuloy-tuloy na pagnipis ng agrikultura at manupaktura at pinakamalalang antas ng kawalan ng trabaho.

Matapos ang ilang taon sa Pilipinas, nagsi-alisan ang mga istrategikong pamumuhunan katulad ng Hanjin sa *ship building*, Intel sa *electronics* at Malampaya sa *natural gas*. Sinisisi ng gobyerno ang mga restriksyon sa Konstitusyon sa ganitong galaw ng mga dayuhang namumuhunan. Pero mali pa rin ang palagay na ito. Hindi umuunlad ang Pilipinas hindi dahil sa mga restriksyon sa pagpasok ng FDI kundi dahil sa kawalan ng regulasyon sa mga nakapasok nang FDI.

Kapansin-pansin na katulad sa mga nagdaang pagbuhay at pagtutulak muli ng Cha-cha pilit ding inilakip ng administrasyong Duterte ang usapin sa pagpapalawig ng termino ng presidente o kaya naman ay pagpapalit ng porma ng gobyerno mula presidensyal tungong parlyamentaryo. Malinaw na bukod sa pagbibigay-hilig sa dayuhang imbestor at lokal na oligarkiya, ang Cha-cha ay pumapatungkol din sa pansariling interes ng nakaupo sa poder – ang interes na tumagal.

At isa ito sa nananaig na balak ng gobyernong Duterte – ang manatili lampas sa 2022.

3 Ano-ano ang mga paraan ni Duterte at ng kanyang mga alyado para patuloy na hawakan ang kapang-yarihang pampolitika?

- a. Isa na rito, katulad ng nabanggit, ang Cha-cha.

Malaking bentaha na nasa kamay ni Duterte ang pagkakaroon ng halos absolutong kontrol sa Kongreso na kung saan bilang na sa daliri ang oposisyon. Naipasa nang mabilisan ang mga batas na pabor sa kagustuhan at ambisyon ng presidente, kasama na rito, kung nanaisin, ang Cha-cha na nagbibigay ng pagpapalawig ng termino.

Tuloy-tuloy din naman ang paninira at pananakot ng administrasyon sa mga totoong oposisyon, katulad ng Makabayan *bloc*, habang nagpapakalat ng eksaheradong mga sarbey na mataas daw diumano ang suporta ng publiko sa administrasyon o kaya naman ay popular daw diumano ang mga alipores nito.

Anupaman, ang pamamaraan ng Cha-cha ay palaging inilalagay sa timbangan ng namumunong partido – kung nabibigyan-katwiran ba ito ng pang-ekonomiyang argumento para rito, at kung ganoon, ay kung maaari bang ilakip ang mga repormang pampolitika kasama na ang pederalismo at pagpapalawig ng termino. Kasunod syempre na tanong ay kung katanggap-tanggap ba ito sa publiko, at higit, sa iba pang ambisyosong mga politiko.

Naipanalo na ng mga sunud-sunurang mambabatas ang mga pang-ekonomiyang argumento sa antas-komite at isasalang na ito sa plenaryo. Hindi na malayong buksan ang usapin sa pampolitikang pagbabago ng Konstitusyon.

- b. Subalit masyado nang malapit ang eleksyong 2022. Kung kaya't ang mga pakana ng administrasyong Duterte, katulad ng pederalismo sa Cha-cha at maski ang *revolutionary government* na pinalutang-lutang na konsepto ni Duterte mismo bilang nakaupong presidente, ay hindi na masyadong guguhit na alternatiba para kay Duterte.

Nagsisimula nang itatag at palakasin ng administrasyon ang imahe ng posibleng kandidato para sa pagka-presidente sa 2022. Sa ngayon, ang pinapalutang na pagpipilian ng administrasyon ay kung sino ang makikipagtambalan kay Sara Duterte – si Manny Pacquiao ba, Bong Go, Bongbong Marcos, o Isko Moreno? Rurok rin ng kagarapalan na maski si Digong ay ipinares sa kanyang anak bilang bise-presidente.

Estilo ito sa paglikha ng kondisyon sa utak ng mga botante na bise-presidente na lang ang pinagpipilian. Hindi ito paborable sa laban ng oposisyon, kung mabuo man ang malakas na pagkakaisa ng oposisyon, dahil napakaagang namolitika ng administrasyon. Pero higit sa lahat, hawak ng administrasyon ang kaban ng bayan, lalo pa at pinalawig ang paggastos sa badyet ng 2020, para magamit bilang pondo para sa eleksyon. Enero pa lang pero nagpapanukala na ng Php5 trilyong badyet para sa 2022 ang administrasyong Duterte.

- c. Magamit man ang Cha-cha para sa motibong magtagal sa poder ni Rodrigo Duterte o wala mang magandang rekord si Sara, pangunahin pa rin sa pamamaraan ng gobyernong Duterte sa pagpapanatili sa poder ang pagpapalakas ng militarismo at awtoritaryan na pamumuno.

Hindi naglaon mula sa pagkakaupo ni Duterte at pagpapanggap na sya ay maka-Kaliwa at maka-masa, lumabas ang tunay nitong anti-demokratikong kulay.

Araw-araw tumitindi ang silakbo ng galit ng mamamayan sa kawalan ng matinong opisyal na tugon sa kanilang lumalalang kalagayan, habang nasasaksihan naman ang mga kabalintunaan ng mga nakaupo sa poder. Tahasan ang pagpabor ng gobyernong Duterte sa mga naghaharing uri, dayuhan at militar sa halip na unahin ang pagbangon ng mahihirap. Ang galit at hamon ng taumbayan ay hindi hinaharap ni Duterte at ng kanyang kampo ng reporma at pagwawasto, kundi ng buong kagarapalan at karahasan.

Nariyan ang tumitinding pag-abuso sa kapangyarihan at pwesto ng mga namumuno, kasama na rito ang malalim at sistematikong korapsyon, hanggang sa kataas-taasang posisyon ng pamahalaan. Ano pa ba ang hihigit

sa kabalintunaan halimbawa na sa rurok ng pandemya, mababalitaan pa ng taumbayan na may nakulimbat na Php15 bilyon sa PhilHealth ang mga opisyal?

Sistematiko rin ang pananakot at pagkakalat ng maling impormasyon na isinasagawa ng mga sinungaling na alipores ni Duterte. Napakalaki ng inilalaang badyet para sa mga *troll* at makinarya ng disimpormasyon para pigilin ang pagsiwalat ng mga katotohanan. Nagreresulta ito sa malawakang panloloko, kasama na ang kawalan ng siyensa sa pandemya at pagbawi ng ekonomiya.

Sistematiko rin ang paglabag sa karapatang pantao. May 376 biktima ng *extrajudicial killings* (EJK) ng mga aktibista, kritiko at mamamayang nakikibaka sa ilalim ni Duterte, bukod pa sa biktima nito ng kanyang madugong *drug war*. Karamihan ay mga magsasaka at mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Tinagurian din si Duterte ng mga magsasaka na “*massacre king*” dahil sa pagkakaroon ng pinakamataas na bilang ng masaker ng mga magsasaka sa ilalim ng kanyang pamumuno.

May 680 detenidong politikal – 451 sa kanila ay ikinulong sa ilalim ng pamumuno ni Duterte. Pinatindi ng militar at mga kasabwat na hurado ang pagsasampa ng gawa-gawang kaso sa mga aktibista at kritiko, kasama na ang pagtatanim ng ebidensya, pag-*raid* nang walang *search warrant*, at pagkulong maski walang *warrant of arrest*.

Niratsada ng Kongreso ang Anti-Terrorism Law (ATL) upang gawing ligal ang mga paglabag sa karapatang sibil at pampolitika ng mamamayan. Pinalawak ng ATL ang depinasyon ng “terorismo”; pinayagan ang paniniktik; binigyang kapangyarihan ang Anti-Terrorism Council (ATC) na italaga kung sino o anong organisasyon ang “terorista”; at pinayagan ang defensyon nang walang *warrant of arrest* at lampas sa 24 araw nang walang kaso o akusasyon na isinasampa. Pinakamasahol ito na pagbawi sa karapatan, kalayaan at demokrasya. Hindi kataka-taka na may 37 petisyon mula sa mga mamamayan at organisasyon na isinumite sa Korte Suprema para ipawalang-bisa ang ATL.

Kinakanlong ni Duterte ang militar at kapulisan. Sa ilalim nya nakakuha ng pinakamalaking pagtaas ng sweldo ang mga unipormadong personel ng gobyerno, nauna pa at mataas pa sa natatanggap ng mga guro at

manggagawang pangkalusugan. Sa ilalim rin ni Duterte mayroong pinakamaraming retiradong heneral at iba pang opisyal ng militar na nasa burukrasya. Mismong ang pagtugon sa COVID ay pinamumunuan ng mga heneral. Wala ring katulad ang pang-aabuso sa kapangyarihan ng militar, opisyal man o mababang ranggo, nang walang kaparusahan.

- d. Pinakamasahol nitong pamamaraan ang sikilin at atakehin ang mga aktibista at kritiko.

Hindi maitanggi ng kahit sinumang maghari sa politika ng bansa na ang mga organisadong pwersa ng Kaliwa ang nasa unahan ng kilusan na pipigil sa awtoritarianismo. Sa ilalim ng Batas Militar at sa panahon ng People Power, ang Kaliwa ang hindi matitinag na pwersa ng pagbabago.

Isinasagawa ni Duterte ang pinaka-sistematikong panunupil sa Kaliwa sa kasaysayan ng bansa at nangangarap itong maubos at matalo ang mga ito. Sinimulan nya ito sa pagbubuo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF ELCAC) na syang nagmomobilisa ng lahat ng ahensya ng pamahalaan kontra-insurhensya. Metodikal na isinunod ang pag-ugnay ng Communist Party of the Philippines (CPP) at New People's Army (NPA) sa "terorismo", idineklara ang CPP-NPA na "terorista" ng ATC, at mula rito ay iniugnay ang maraming progresibong grupo sa CPP-NPA.

Sa ganito pumayagpag ang *red-tagging* at *witchhunt* ng gobyernong Duterte para paratangan ang progresibong grupo, aktibista, kritiko at maski ordinaryong mamamayan na may mga puna at karaingan sa gobyerno na sumusuporta sa CPP-NPA. Maski walang ebidensya, binigyang-katwiran ng NTF-ELCAC ang pag-atake at paghihiwalay sa publiko ng mga akusado na walang ebidensya, at pagmukhain silang iligal.

Dinudurog rin ng pangkating Duterte ang Makabayan bloc na palagiang nangunguna sa eleksyon ng *party-list*, may tunay na suporta ng mga progresibong mamamayan, at hindi natitinag na hamon sa politika ng naghaharing uri. Hindi lamang panirang propaganda sa pamamagitan ng bayarang makinarya ng gobyerno (na tinustusan mismo ng kaban ng bayan) ang gagamitin ng pangkating Duterte sa eleksyong 2022, kundi pihadong gagamitin nito ang militaristang pandarahas katulad ng isinagawa nito noong 2019.

Ang problema sa ganitong pag-atake, hindi ito patungkol lang o sinusolo lang ng mga aktibista at Kaliwa. Matindi ang epekto ng paninira sa aktibismo sa pagkipot ng demokrasya at malayang talakayan para sa reporma, gayundin sa partisipasyon ng mamamayan sa paggogobyerno. Ibinabato tayo paurong at pabalik sa panahon ng diktadurang Marcos, gayong naipanalò na natin ang kahit paano ay sibol ng demokratikong paglahok.

Tungkulin ng lahat kung ganon na biguin ang layon ng pangkating Duterte na magkaroon ng matatakutin at sunod-sunurang publiko. Tungkulin ng lahat, at hindi lang ng mga progresibong grupo at Kaliwa, na ipagtanggol ang iba't ibang karapatan at kalayaan ng mamamayan na matagal na nilang naipagtagumpay.

4 Ano-ano ang mga isyu na sama-sama nating ipaglalaman sa pinakamalawak na kilusang masa?

May mga tampok na isyu na pangkalahatan ang epekto sa mamamayan at kung ganoon ay nangangailangan ng sama-samang pagtugon, katulad ng: bakuna at kawalan ng kumpanya sa taumbayan sa usaping ito; kawalan ng seguridad sa pagkain na pinapalala ng implasyon, patakarán ng importasyon at manipulasyon ng mga mangangalakal; kahinaan sa pagharap sa mga kalamidad, kasama na ang COVID; at higit sa lahat, ang kawalan ng pakialam ng pamahalaan ng pagsalba sa kita at kabuhayan ng masang anakpawis.

Hinarap ng iba't-ibang sector ang mga isyung bumabayo sa mamamayan lalo na sa mahihirap nang may pagkakaisa at pagkamalikhain. Labas pa sa mga protesta sa lansangan at paaralan, gayundin sa pagkalampag sa mga korte sa mga araw ng mahahalagang pagdinig, kolektibo ding inilunsad ang mga pagkilos tulad ng sumusunod: online forums; online mobilizations; bagsakan para sa mga produkto ng mga magsasaka; paggunita sa mga makasaysayang yugto at araw tulad ng Diliman Commune at EDSA People Power anniversary; fund raising at relief operations kaugnay ng pandemya; gayundin ang relief aid distributions, community kitchens at cleanup drives pagkatapos ng matitinding kalamidad.

Kagyat na hiling ang pagpapatuloy ng sapat, maagap at hindi panandaliang ayuda sa kita at kabuhayan. Kung sinasabi ng NEDA na sapat na ang Php10,000 kada buwan sa isang pamilya, mano man lang na nasa ganyang antas nga ang ibinigay na ayuda ng pamahalaan. Kaugnay rin dapat ito ng ayudang pamproduksyon sa mga magsasaka at bayad-pinsala o libreng insurance sa mga pananim nilang nasalanta. Ang makatwirang presyo para sa kanilang mga produkto ang makakontrol ng implasyon at iba pang abuso sa kalakalan, sa kapakinabangan ng lahat ng konsyumer.

Kagyat at malaon nang hinihiling ang pagtataas ng minimum na sahod ng mga manggagawa. Walang-duda nitong mapapasigla ang buong ekonomiya sa pamamagitan ng pagtaas ng demand at pagpapakita kung ano nga ba dapat ang iprayoritisa sa produksyon. Kontraryo sa sinasabi ng mga kapitalista at economic managers ng pamahalaan, ang pagtataas ng sahod sa antas na nakabubuhay ang wastong stimulus, katulad ng ginagawa na rin sa ibang bansa. Mahalagang may subsidyo mula sa pamahalaan ang umentong ito.

Dapat may interbensyon din ang gobyernong Duterte sa pagpigil sa malawakang tanggalan, ganundin sa pagtigil-pasada ng mga dyip na inaasahan ng mga manggagawa bilang pangunahing moda ng transportasyon at syempre ng mga drayber bilang kabuhayan.

Dapat may kontrol ang gobyernong Duterte sa walang prenong implasyon lalo sa mga produktong pagkain at agrikultural. Ganundin dapat sa singilin sa kuryente, tubig, pamasaha, at iba pang batayang bilihin.

Higit sa lahat, kagyat pa ring hiling ang matinong mass testing, contact tracing, isolation/ quarantine at treatment bilang pinakamahusay na prebensyon at pagpigil sa pagkalat ng coronavirus. Itinutulak din ang pagbibigay prayoridad sa kalusugan, pareho sa badyet at tugon ng gobyernong Duterte. Ang bakuna para sa isang pandemya ay isyu ng mamamayan – walang pagtatalo na katulad ng mass testing, dapat libre ito.

Pinalala ng pandemya ang dati na nating mga problema – trabaho, sahod, kita, presyo, kahirapan – sa walang-katulad na antas. Kung mayroong pinatingkad ang pandemya – ito ang matinding di-pagkakapantay-pantay ng

lipunan, hindi lamang sa lawak ng agwat ng mayaman at mahirap, kundi pati sa pang-aabuso sa kapangyarihan ng mga nakaupo sa poder. Ito ang matingkad na kinakaharap ng mamamayan.

Napakadaling makabawi ng yaman ang mga bilyonaryo at iba pang mayaman sa ating bayan. Nakakarating din sila sa kung saan nila gustong pumunta. Nakakapag-*party* at sosyalan kung gusto nila. Ang malalaking oligarkiya sa ekonomiya at kanilang mga korporasyon ay may sapat na pera na napapaboran pa ng sobrang pangungutang ng pamahalaan at pagbuhos nito ng pera sa sirkulasyon. Ang mayayaman ang mauuna sa rekoberi, sila rin ang mauuna sa bakuna.

Sa kabilang banda, ang mahihirap ay humaharap sa pagkawala ng trabaho, pagkalimas ng ipon, mababang kita, pigil na paggalaw, at walang kasiguraduhan ng kinabukasan. Ang maliliit na negosyo ay nagsisipag-sarahan at hirap nang makabalik. Ang mahihirap ang napabayaang sa rekoberi, wala nang ayuda at suporta sa kabuhayan at wala nang pag-aalagang pangkalusugan.

Samantala, mas pinili ng gobyernong Duterte na unahin ang tubo ng malalaking korporasyon, patawarin sila sa pagbabayad ng buwis, bigyang gana ang dayuhang namumuhunan at papasukin sa lahat ng sektor ng ekonomiya, paboran ang militar, at italaga ang mga heneral sa mga posisyon sa burukrasya, kasama na sa mga gawain na nangangailangan ng kadalubhasaan sa pagharap sa pandemya.

Kung may isyu man na dapat unahin ng mamamayan sa kanilang pakikibaka, ito ang paniningil at pananagot sa gobyernong walang silbi at malasakit, makasarili at mapanupil. Malinaw na ipinakita ito ng pandemya, at nararapat lang magkaroon ng hustisya sa usaping ito.